

Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Awtoridad sa Pagbabago ng Lungsod Urban Renewal Authority (URA)

Ang Awtoridad sa Pagbabago ng Lungsod (“URA”) ay isang katawang korporasyon na itinatag sa ilalim ng Ordinansa ng Awtoridad ng Pagbabago ng Lungsod (Cap. 563) upang magsagawa, maghikayat, magtaguyod at padaliin ang pagbabago ng lungsod sa Hong Kong, na may layuning tugunan ang problema ng pagkabulok ng lungsod at pagbutihin ang kondisyon ng pamumuhay ng mga residente sa mga lumang distrito.

Sa pagsasagawa ng pagbabago ng lungsod ng Hong Kong, ang URA ay nagbibigay ng malaking kahalagahan na ang mga tao sa Hong Kong anuman ang kanilang wika at kultura ay magkaroon ng pantay na paglapit sa mga serbisyo publiko ng URA. Ang URA ay gumawa ng mga hakbang na angkop at magagawa upang tulungan ang mga taong may magkakaibang wika at kultura na makalapit sa mga serbisyo publiko nito.

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Ang URA ay gumagamit ng pamamaraang komprehensibo at panlahatan sa pamamagitan ng dalawang pangunahing gawain nito i.e. muling pagbubuo at rehabilitasyon, pati na rin ang pangangalaga at muling pagbubuhay ng pamana, para sa paglikha ng napapanatili at kalidad na pamumuhay para sa mga tao ng Hong Kong.

Umiiral na Mga Panukala

- Ang URA ay gumagamit ng Tsino o Ingles (ayon sa kaso) sa pagkakaloob ng mga serbisyo publiko nito.
- Ang impormasyon sa website ng URA ay nasa Tsino at Ingles.
- Ang mga polyeto ng impormasyon at pamphlet sa mga serbisyo publiko ng URA ay inilathala sa Tsino at Ingles.
- Isinalin at ini-upload ng URA ang 9 polyeto sa ibaba

tungkol sa pagkuha at kabayaran / impormasyon sa muling pabahay sa Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese:

1. May-ari ng Pag-aaring Tirahan – Matalinong Payo sa Kabayaran ng Pagkuha (tinitirhan ng may-ari);
2. May-ari ng Pag-aaring Tirahan - Matalinong Payo sa Kabayaran ng Pagkuha (Inuupahan);
3. May-ari ng Pag-aaring Tirahan – Matalinong Payo sa Kabayaran ng Pagkuha (Bakante);
4. May-ari ng Pag-aaring Hindi Tirahan - Matalinong Payo sa Kabayaran ng Pagkuha (ginagamit ng may-ari);
5. May-ari ng Pag-aaring Hindi Tirahan - Matalinong Payo sa Kabayaran ng Pagkuha (Inuupahan);
6. May-ari ng Pag-aaring Hindi Tirahan – Matalinong Payo sa Kabayaran ng Pagkuha (Bakante);
7. Nangungupahan sa Pag-aaring Tirahan – Matalinong Payo para sa Allowance na Ex-gratia / Muling Pabahay;
8. Pangunahing Nangungupahan sa Pag-aaring Tirahan - Matalinong Payo para sa Allowance na Ex-gratia / Muling Pabahay;
9. Nangungupahan sa Pag-aaring Hindi Tirahan - Matalinong Payo para sa Allowance na Ex-gratia.

- Ipinakilala ng URA ang real time na three-way na serbisyong interpretasyong pantelepono (sa Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese) na ipinagkakaloob ng Sentro Para sa Etniko Minorya (“CHEER”) upang sumagot sa mga katanungan tungkol sa serbisyo publiko ng URA mula sa mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang wika.
- Ang mga Kard ng Pagkakakilanlan ng Wika na inihanda ng CHEER ay nakalagay sa mga lugar ng pagtanggap / mga counter ng tanggapan ng URA at sentro ng serbisyo upang tulungan ang komunikasyon ng mga tagagamit ng

serbisyo na magkakaibang wika.

- Nagbigay ang URA ng mga materyales para sa pag-aaral ng mga tauhan nito at mga kurso sa pagsasanay sa mga isyung nauugnay sa lahi, gaya ng:
 1. gumawa ng mga video na pinamagatang:
 - "Pagbisita sa Chungking Mansion" na itinampok ang unang rehistradong panlipunang manggagawang etniko minorya sa Hong Kong at ipinakita ang maraming kultura sa Chungking Mansion; at
 - “Pagbabahagi ng Kaso ng Mga Proyekto – Isang Kaso ng Nangungupahang Etniko Minorya”;
 2. naglunsad ng kursong pagsasanay na pinamagatang “Pagharap sa mga Pagkakaiba ng Kultural”;
 3. naglunsad ng kursong e-learning na pinamagatang “Mga Ordinansa laban sa Diskriminasyon ng Hong Kong”;
 4. nag-organisa ng seminar na pinamagatang “Panimula sa mga Batas laban sa Diskriminasyon ng Hong Kong”;
 5. nagsagawa ng workshop na pinamagatang “Panimula sa mga Pangunahing Pagbati sa Thai at Magandang Pangkulturang Kaugalian”; at
 6. nagsagawa ng workshop na pinamagatang “Paghawak sa Diskriminasyon at Panliligalig sa lugar ng Trabaho” na nakatuon sa mga namamahala ng mga tao.
- Ang URA ay nakipagtulungan sa Blessing Thai Service Centre of the Christian & Missionary Alliance Church Union Hong Kong upang bumuo ng "Thai Service Team" na kinabibilangan ng 30 boluntaryong Thai upang suportahan ang pagpapatupad ng mga proyektong muling pagpapaunlad ng URA sa Distrito ng Kowloon City sa pamamagitan ng pagpapakalat ng kaugnay na impormasyon sa mga Thai na residente at mangangalakal sa distrito tungkol sa mga proyektong muling pagpapaunlad at makuha ang kanilang mga pananaw at ang mga sesyong pag-uulat ay isasagawa kung kinakailangan

upang magbigay ng pagbabago sa impormasyon sa wikang Thai para sa mga residenteng Thai na kasangkot sa isang proyekto sa muling pagpapaunlad, na may on-site na interpretasyon upang mapabuti ang komunikasyon.

Pagtatasa ng
Gawain sa
Hinaharap

- Pana-panahong susuriin ng URA ang bisa ng pagkakaloob nito ng mga serbisyo publiko sa mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang wika at kultura at gagawa ng pagpapabuti kung naaangkop upang matugunan ang mga pangangailangan at alalahanin (kung mayroon man) tungkol sa mga serbisyo publiko ng URA.
- Ang mga katugunan at mga mungkahi (kung mayroon man) mula sa mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang wika at kultura ay isasaalang-alang ng URA para sa patuloy na pagpapabuti sa pagkakaloob nito ng serbisyo publiko.

Mga
Karagdagang
Panukalang
Ipinatupad/
Ipatutupad

- Ang URA ay magpapatuloy sa
 - pagbibigay pansin sa mga pangangailangan at alalahanin ng mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang wika at kultura tungkol sa mga serbisyo publiko ng URA at tuklasin ang naaangkop at magagawang mga pagpapahusay upang matiyak ang kanilang pantay-pantay na paglapit sa mga serbisyo publiko ng URA;
 - kung naaangkop at magagawa, isasalin ang polyeto / pamphlet ng impormasyon sa mga kaugnay na Serbisyo Publiko ng URA sa mga wikang maliban sa Tsino at Ingles para sa pamamahagi sa mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang wika kapag inilunsad ng URA ang kaugnay na serbisyo publiko;
 - mag-aayos ng serbisyong interpretasyon kung naaangkop at magagawa upang tulungan ang mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang wika na magkaroon ng pantay-pantay na paglapit sa mga serbisyo publiko ng URA;

- tuklasin ang paggamit ng mga angkop na pantulong / pamamaraan sa komunikasyon upang mapadali ang pantay-pantay na paglapit ng mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang wika sa mga serbisyo publiko ng URA;
- tuklasin ang paggamit ng angkop na mga pamamaraan sa pagsasapubliko upang bigyang daan ang mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang wika na malaman ang tungkol sa pagkakaroon ng mga partikular na mga hakbang at kaayusan upang mapadali ang kanilang paglapit sa serbisyo publiko ng URA;
- bigyan ang mga kawani sa front-line ng pagsasanay tungkol sa mga isyung may kinalaman sa lahi, tulad ng kasanayan at pamamaraan sa mabisang pakikipagtulungan sa mga interpreter at ang pag-uugali ng mga tao sa Hong Kong na may iba't ibang wika at kultura;
- kunin ang bilang ng mga kahilingan mula sa mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang wika para sa pagsasalin at interpretasyon at ang mga serbisyong ipinagkakaloob sa kanila para sa mga pagsusuri ng serbisyo at magpagkukunan; at
- suriin ang mga pangangailangan ng mga tagagamit ng serbisyo na may iba't ibang mga wika at kultura at ilagay ang naaangkop at praktikal na mga pansuportang hakbang upang matiyak ang kanilang pantay na pag-access sa mga serbisyong pampubliko sa URA.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay sa URA sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono : 2588 2333

Fax : 2827 0176 / 2827 0085
Email : inquiry@mail1.ura.org.hk
Postal Address : 26/F COSCO Tower, 183 Queen's Road Central, Hong Kong

Awtoridad sa Pagbabago ng Lungsod
Mayo 2025